REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 49

PAGTANGKILIK SA PANGANGALAGA SA MGA MAMIMILI NA MAGING BAHAGI NG TAUNANG PROGRAMA NG GOBYERNO PARA SA BAYAN NG MUNTINLUPA.

SAPAGKAT, ang pambansang Consumer Protection Executive Committee (CPEC) ay napili sa pakikipag-ugnayan sa Metropolitan Manila Commission (MMC), ang Bayan ng Muntinlupa na maging isa sa pangunahing bayan para sa tanging programa na pangalagaan ang mga mamimili ng nasabing Komite sa ating bansa;

SAPAGKAT, ang pagbibigay kaalaman at pangangalaga sa mga mamimili laban sa walang matwid na pagtaas ng bilihin o pagsasagawa ng pandaraya sa pangangalakal ay maging pangunahing layunin ng Pamahalaang Bayan;

SAPAGKAT, ang Barangay Alabang ay napili ng Sangguniang Bayan ayon sa pagsunod sa mga alituntuning ibinibigay ng CPEC ang maging pangunahing barangay para sa tanging proyekto na mapangalagaan ang mga mamimili;

SAPAGKAT, dahil sa mungkahi ni Konsehal Bulay at pinangalawahan ni Konsehal Smith, ang Sangguniang Bayan ay nakita ang kahalagahan at dapat na tangkilikin ang pagbibigay ng kaalaman at pangangalaga sa mga mamimili na maging taunang programa ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ay timatanggap ang pagpili sa Bayan ng Muntinlupa na maging pangunahing bayan para sa programa ng CPEC-MMC ng pagbibigay kaalaman at pangangalaga sa mga mamimili sa Kalakhang Maynila at tinitiyak nito ang buong pagtulong at pagsuporta.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na :

1. Ang pagbibigay ng kaalaman at pangangalaga sa mga mamimili na maging bahagi ng taunang programa ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa.

2. Ang Barangay Alabang ay maiproklema na maging pangunahing barangay para sa programang pagbibigay ng kaalaman at pangangalaga sa mga mamimili sa Bayan ng Muntinlupa.

PINAGTIBAY ng nakararami ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pangdalawampu't siyam (29th) na pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-22 ng Septiyembre, 1988.

PINATUTUNAYANG TOTOO:

ATTY. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang. Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY: Septiyembre 22, 1988